

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos para sa pagkakakilanlan mo sa Kanya. Pasalamatang Siya sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na ibinibigay Niya sa atin upang lumaban sa mga espirituwal na labanan.
- Hingin sa Diyos ang mas malalim na pagkaunawa at pagkapuspos ng Kanyang Espiritu. Ipanalangin na magkaroon ka ng kapangyarihan na maging ganap na handa gamit ang lahat ng Kanyang kagamitang pandigma.
- Ipanalangin ang mga taong gusto mong bahaginan ng ebanghelyo. Hingin sa Diyos na palambutin ang kanilang mga puso upang matanggap nila ang ebanghelyo habang binibigay sa iyo ng Banal na Espiritu ang mga dapat mong sabihin sa kanila.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## WARM-UP

- Ano ang unang pumapasok sa isip mo sa tuwing naririnig mo ang salitang “ligtas” o “kaligtasan”?
- May tao ka bang hinahangaan dahil sa kalakasan niya sa isang bagay? Magkuwento tungkol sa taong ito.
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon kung kailan may ginawa ka na hindi mo karaniwang ginagawa, ngunit nagustuhan mong gawin.

## WORD

<sup>10</sup>At bilang pangwakas, magpakatatag kayo sa Panginoon sa pamamagitan ng dakila niyang kapangyarihan. . . .

<sup>12</sup>Sapagkat ang kalaban natin ay hindi mga tao kundi masasamang espiritu sa himpapawid—mga pinuno, may kapangyarihan at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa mundong ito. **MGA TAGA-EFESO 6:10,12**

Sa mga naunang kabanata, sinabi ni Pablo sa mga Kristiyano sa Efeso kung paano sila dapat mamuhay bilang mga tagasunod ni Cristo. Subalit sa dulo ng kanyang sulat, pinaalalahanan sila ni Pablo na dapat silang *magpakatatag sa Panginoon sa pamamagitan ng dakila Niyang kapangyarihan* dahil sila ay nakikipaglaban sa labanang espirituwal. Maging sa kasalukuyan, tayong mga Kristiyano ay humaharap sa mga espirituwal na labanan. Ngunit dahil sa pagkakakilanlan natin kay Kristo, inaangkin natin ang Kanyang katagumpayan sa anumang espirituwal na labanan. Ginagawa natin ito sa paghahanda at panalangin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at sa paghahayag ng ebanghelyo sa tulong ng Espiritu.

## 1 Maghanda sa pamamagitan ng Espritu.

<sup>10</sup>At bilang pangwakas, magpakatatag kayo sa Panginoon sa pamamagitan ng dakila niyang kapangyarihan. <sup>11</sup>Gamitin ninyo ang lahat ng kagamitang pandigma na ibinigay sa inyo ng Diyos para malabanan ninyo ang mga lalang ng diyablo.

**MGA TAGA-EFESO 6:10,11**

Bago umakyat si Jesus sa langit, sinabihan Niya ang Kanyang mga disipulo na manatili hanggang sa sila ay nababalutan ng kapangyarihang mula sa langit (Lucas 24:49). Bago tayo humarap sa anumang labanang espirituwal, kailangan muna nating maghanda sa Espiritu sa pamamagitan ng paggamit ng *lahat ng mga kagamitang pandigma* na ibinigay ng Diyos. Ito ay binubuo ng katotohanan, kabanalan, kahandaang magdala ng kapayapaan, pananampalataya, kaligtasan, at ang Salita ng Diyos. Ano ang mga pahayag na pinanghahawakan mo kapag ikaw ay naghahanda para sa isang espirituwal na labanan?

.....

.....

.....

## 2 Manalangin sa tulong ng Banal na Espiritu.

*At manalangin kayo sa lahat ng oras sa tulong ng Banal na Espiritu. Ipanalangin ninyo ang lahat ng dapat ipanalangin. Huwag kayong magpabaya; patuloy kayong manalangin lalo na para sa lahat ng mga pinabanal.* **MGA TAGA-EFESO 6:18**

Hindi lamang hinikayat ni Pablo ang mga Kristiyano sa Efeso na manalangin, subalit sinabihan niya sila na *manalangin sa lahat ng oras sa tulong ng Banal na Espiritu*. Kasama sa pananalangin sa tulong ng Banal na Espiritu ang pagiging handa at ang pananalangin para sa bawat isa laban sa mga pagsalungat na espirituwal. Paano ka natutulungan ng panalangin sa Espiritu na magtiwala at umasa sa kalakasan ng Diyos sa mga hinaharap mong labanang espirituwal?

.....

.....

.....

## 3 Mangaral sa tulong ng Banal na Espiritu.

<sup>19</sup>Ipanalangin din ninyo ako sa tuwing mangangaral ako, na bigyan ako ng Diyos ng wastong pananalita para maipahayag ko nang buong tapang ang Magandang Balita na inilihim noon. <sup>20</sup>Sapagkat isinugo ako ng Diyos para mangaral ng Magandang Balitang ito na siyang dahilan ng pagkakabilanggo ko. Kaya kung maaari, ipanalangin ninyong maipahayag ko ito nang buong tapang gaya ng nararapat. **MGA TAGA-EFESO 6:19,20**

(Basahin din ang **MGA GAWA 1:8**.)

Noong isinulat ni Pablo ang liham para sa mga taga-Efeso, siya ay isang bilanggo ng Roma dahil sa pangangaral niya ng ebanghelyo. Sa kabila nito, hiniling pa rin niya na manalangin sila at hingin na ibigay sa kanya ng Banal na Espiritu ang *wastong pananalita para maipahayag nang buong tapang ang Magandang Balita*. Maging si Pablo ay nakaka-alam na kung hindi siya bibigyan ng Banal na Espiritu ng kalakasan, maaari siyang huminto sa pangangaral ng ebanghelyo. May pagakataon ba na matapang kang nakipag-ugnayan sa isang tao sa tulong ng Banal na Espiritu? Ano ang nangyari?

.....

.....

.....

## APPLICATION

- Nakatitiyak ka ba sa pagkakakilanlan mo kay Cristo? Bakit oo o bakit hindi? Gusto mo bang makilala kung sino ka sa Kanya?
- Paano ka magkakaroon ng mas malalim na paghahanda at pananalangin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu? Pangalanan ang tatlong tao na makakatulong sa iyo simula ngayong linggo, sa bagay na ito.
- May mga kapamilya o kaibigan ka ba na gusto mong bahaginan ng ebanghelyo? Hingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng wastong pananalita upang magawa ito ngayong linggo.